Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-18 NG ENERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
5.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
6.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
7.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
8.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 8-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Aala)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA KAHILINGAN NG CATAQUIZ & SONS REALTY AND DEVELOPMENT CORPORATION NA MAGAMIT ANG DAAN NG ROSAFLOR SUBDIVISION (DAANG CHRYSANTHEMUM, ORCHIDS, SUNFLOWER AT CATTLEYA) NA PAWANG NAIPAGKALOOB NA ANG PAMAMAHALA AT PAG-AARI SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA UPANG MAGING DAAN PAPASOK AT PALABAS SA VILLA ROSARIO SUBDIVISION.

SAPAGKA'T, ang Cataquiz & Sons Realty and Development Corporation ay panukalang magpaunlad ng isang pamahayan (Villa Rosario Subdivision) na matatagpuan sa Barangay Tagapo at karatig ng Rosaflor Subdivision;

SAPAGKA'T, ang tanging maaaring gawing daanan palabas at papasok sa panukalang subdibisyon ang mga daan sa Rosaflor Subdivision na siyang naging dahilan upang humiling ng pahintulot ang may-ari at tagapag-unlad;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

RECEIVED BY:
02-02-95
9/8/95

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa kahilingan ng Cataquiz & Sons Realty and Development Corporation na magamit ang daan ng Rosaflor Subdivision (Daang Chrysanthemum, Orchids, Sunflower at Cattleya) na pawang naipagkaloob na ang pamamahala at pag-aari sa pamahalaang bayan ng Santa Rosa upang maging daan at palabas sa Villa Rosario Subdivision alinsunod sa sumusunod na panuntunang pinagkasunduan ng humihiling at ng pamahalaan:

1. Sa panahon ng pagpapa-unlad at pagpapagawa ng subdibisyon, lahat ng paghahakot at pagdadala ng materyales ay isasagawa sa araw upang hindi makaabala sa mga naninirahan sa subdibisyon ng Rosaflor;

2. Anumang mapipinsala sa mga daan bunga ng paglabas at pagpasok ng mga sasakyang ginagamit ng pagpapa-unlad ng subdibisyon ay magiging pananagutan ng humihiling na ipagawa at ibalik sa dating maayos na kalalagayan;

3. Ang pagawain at pagpapaunlad ay isasagawa lamang sa araw;

4. Ang humihiling ay nangangakong magsasagawa ng mahigpit na pag-iingat sa paggamit ng mga daan sa Rosaflor Subdivision para sa kapakanan ng mga naninirahan dito.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ikatlong Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-18 ng Enero, 1995.

Rec'd. by:
RUBY ARAGUANA 2/1/95

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim